

**PANAWAGAN PARA SA NOMINASYON
SA PAGKADIREKTOR NG SENTRO NG WIKANG FILIPINO – DILIMAN**

Ang Search Committee para sa Pagkadirektor ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF) – Diliman ay tatanggap ng mga nominasyon **mula ika-8 n.u. ng 6 Nobyembre (Martes) hanggang ika-5 n.h. ng 15 Nobyembre (Huwebes) sa Opisina ng Tsanselor, Bulwagang Quezon.** Mangyaring isumite ang mga sumusunod na dokumento (kapwa naka-print na may orihinal na lagda ng kinauukulan, at soft copy na nasa USB drive):

1. liham na may lagda ng nagnomina at naglalaman ng mga batayan ng nominasyon (ilakip ang impormasyon upang makontak ang (unang) nominator);
2. buod ng curriculum vitae ng nominado (hindi hihigit sa tatlong (3) pahina);
3. liham ng pagtanggap ng nominasyon, at naglalaman ng pagnanais na maglingkod bilang Direktor ng SWF-Diliman; at
4. mga panukala ng nominado para sa Sentro, kabilang ang kaniyang mga pangunahing programa AT mga ideya sa isang mabisang transisyon.

Ang patunguhan ng lahat ng mga liham/nominasyon ay sa:

Search Committee para sa Pagkadirektor ng SWF-Diliman
Opisina ng Tsanselor
Bulwagang Quezon
Unibersidad ng Pilipinas
Diliman, Lungsod Quezon

Sino ang maaaring magbigay ng nominasyon

Kawani ng SWF, guro, estudyante, alumni, at mga nagnanais tumakbo sa pagkadirektor

Sino ang maaaring maging nominado


Kinakailangang taglay ng mga nais maging nominado ang sumusunod na mga kuwalipikasyon:

1. may paninindigang maisakatuparan ang kalayaang akademiko, at mga halagahin at layunin ng Unibersidad;
2. may katangi-tanging kahusayang akademiko sa napiling disiplina, na umaayon sa mga adhikain ng SWF-Diliman;
3. makamamayang Pilipino;
4. mabisang pinuno at may kahusayan sa pangangasiwa at administrasyon; at
5. may pagnanais na maglingkod.

Iskedyul ng mga Aktibidad

06 Nobyembre 2018	Panawagan para sa nominasyon
15 Nobyembre 2018	Huling araw ng pagsusumite ng nominasyon
16-22 Nobyembre 2018	Konsultasyon sa mga stakeholder ng SWF-Diliman
23 Nobyembre 2018	Publikong forum: Presentasyon ng mga nagawa ng kasalukuyang Direktor AT presentasyon ng mga panukalang gawain ng mga nominado
29 Nobyembre 2018	Pagsusumite ng ulat at rekomendasyon ng Komite sa Tsanselor

APPROVED:


MICHAEL L. TAN
Chancellor
U.P. Diliman

5 NOV 2018